

الحرز الموهوم

ANG KURU-KURONG AGIMAT

:

Inihanda ni:
Muhammad bin Sulaiman Al-Mufdy

:

Isinalin sa Tagalog ni:
Muhammad Taha Ali



المكتب التعاوني للدعوة وتوعية الجاليات بالربوة
ISLAMIC PROPAGATION OFFICE IN RABWAH
P.O.BOX 29465 RIYADH 11457 - TEL 4454900 - 4916065
FAX 4970126 - e-Mail: fil@islamhouse.com
www.islamhouse.com

ANG KURU-KURONG AGIMAT

Inihanda ni: Muhammad bin Sulaiman Al-Mufdy

Ang papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang na Siyang nagtakda sa mga dahilan ng mga kaganapan sa Sanglibutan, at Kanyang inaalintana kung minsan ang mga dahilang ito, upang hindi ito ipagpalagay ng mga tao bilang mga diyus-diyusan, at Kanyang iniugnay ang mga kadahilanang ito at ang mga kaganapan nito batay sa Kanyang mga itinakdang isakatuparan, kaya't walang anumang bagay na maaaring maglaho rito nang walang nakatakandang layunin. Ang pagpapala at kapayapaan ay mapasa Sugo (Muhammad ﷺ) na siyang ipinadala sa atin, bilang isang habag sa lahat ng daigdig, upang sila ay maging kagiliw-giliw sa Allah.

Sa katotohanan, nilikha ng Allah ang daigdig na ito mula sa kawalan, at Siya ang nangangasiwa rito kung paano Niya naisin, batay sa Kanyang loobin at layunin. At Siya ang nagtakda ng kaayusan sa pagkaroon ng Kanyang mga nilalang, ang iba sa mga ito ay nasa ibabaw ng iba. Kung kaya't ang iba sa mga ito ay ginawa Niyang mga dahilan para sa iba.

Sa katotohanan, tinanggap ng mga sinaunang *Mushrik* (nagtatakda ng katambal sa kaisahan ng Allah) na ang lahat ng nilalang ay pagmamay-ari ng Allah at Siya ang ganap na Tagapangasiwa at Tagapamahala sa daigdig na ito.

Samakatuwid sila’y hindi naniniwala, na ang kanilang mga sinasamba (bukod sa Allah) ay may karapatan at kakayahang mangasiwa sa anumang kaganapan ng daigdig, o kakayahang magdulot ng (anumang) kapakinabangan at kapinsalaan, bagkus kanilang pinaniniwalaan na iyon ay natatangi bukod sa Allah lamang.

Tulad ng Sinabi ng Allah: []

{At pagkatapos, kapag kayo’y dinaitian ng kapinsalaan, sa Kanya kayo nagtataasan ng boses (sa paghilingi ng saklolo).} An-Nahl (16): 53

At sinabi pa Niya – Kaluwalhatian sa Kanya:

[]

{At katiyakan, kung tinanong mo sila (O Muhammad ε), kung sino ang lumikha ng mga kalangitan at ng kalupaan. Tunay na kanilang sasabihin: “ang Allah”.} Luqman (31): 25

Kung kaya’t dahil dito, itinagubilin ng Allah sa Kanyang Propeta (ρ) na ubligahin sila sa Kanyang sinabi:

]

[

{Sabihin (O Muhammad (SAW)): “Kung gayon, ipabatid ninyo sa akin, ang tungkol sa inyong mga sinasamba bukod sa Allah, na kung hinangad ng Allah na ipadaiti sa akin ang anumang kapinsalaan, sila ba’y makapagpapawi ng kapinsalaan na idudulot Niya? O kaya’y kung Kanyang hinangad sa akin ang isang habag, Kaya ba nilang pigilin ang ipagkakaloob Niyang habag?” sabihin: “Sapat na

para sa akin ang Allah; sa Kanya iniuukol ng mga umaasa ang kanilang pagtitiwala}. Az-Zumar (39): 38

Kung kaya't nang tanungin sila, tumahimik na lamang sila, ni hindi nagtangkang sumagot, dahil hindi nila pinaniniwalaan na iyon ay taglay ng mga ito. Subalit ang ilan sa mga Muslim – Patnubayan nawa sila ng Allah – ay naisasadlak ni Satanas sa kamalian. Kung kaya't kanilang iniugnay ang kanilang kinabukasan at ipinagkatiwala ang kanilang kalagayan sa isang gulanit na damit, sa isang sinulid o sapatos, kanilang inaakala na ang mga ito ay may kakayahang magdulot ng anumang kapakinabangan at sumanggalang ng anumang kapinsalaan!! Kung gayon, nasaan na sa kanila ang pagpatupad ayon sa kadululdulohan ng talatang ito? Nasaan na ang paniniwala, na ang Allah ang Siyang Tagapanagot sa iyo at Tagasapat, at hindi ang isang sinulid at gulanit na damit, tela at sapatos?!

Nasaan na ang pagtitiwala sa Allah, Hindi sa mga walangkuwentang bagay na ito? Hindi mo ba alam aking kapatid, ang Allah ay sumasapat sa sinumang nagtitiwala sa Kanya, at nagtatanggol sa kanya sa lahat ng kasamaan:

[]

{At ang sinumang magtiwala sa Allah, Samakatuwid, Siya ay Makasapat sa kanya}. At-Talaq (65): 3

At bakit! May iba pa ba, pagkatapos ng kasapatan ng Allah sa iyo?! At bakit! Mangangailangan ka pa ba ng iba bukod sa Kanya? At bakit! Maaari bang sa isang sinulid kaya, tsenilas, tela o balat ang siyang makasapat sa nagmamay

ari nito o ang makapagtatangol sa kanya?! –
Kaluwalhatian sa Allah!

[]

{Ang Allah ba ang Siyang higit na mainam o ang anumang itinatambal nila (sa Kanya)?}. An-Naml (27): 59

Hindi lamang iyon, kundi. Nakapagtatangol ba ang mga walang kuwentang bagay na ito sa kanilang sarili mismo ng kahit bahagya?! Ano kaya kung sadyain mo ang mga ito at iyong pagpunit-punitin o sunugin. Ano! maipagtatangol ba nila ang kanilang sarili?! Kung gayon, paano ka nito maipagtatangol, O ikaw na Tao?!

]

[

(At huwag manalangin sa iba bukod sa Allah sa hindi nakapagdudulot sa iyo ng kabutihan, at hindi rin naman nakapipinsala sa iyo, at kung ginawa mo (iyon), magkagayon, tunay na ikaw ay mapapabilang sa mga Zalimun (gumagawa ng di-makatarungan). At kung ninais ng Allah na sa iyo'y ipadaiti ang isang kapinsalaan. Katiyakan, walang makakapawi nito maliban sa Kanya at kung ipagkakaloob Niya sa iyo ang isang kabutihan. Katiyakan, walang makahahadlang sa Kanyang (ipinagkakaloob na) Biyaya, Kanyang ibinibigay ito sa kaninumang nais Niya sa Kanyang mga Alipin, at Siya ang Mapagpatawad, ang Mahabagin). Yunus (10): 106-107

Kaya't ikaw! O pinarangalan ng Allah ng Katalinuhan at pinataas ang antas sa pamamagitan ng mga Kapahayagan. Bakit hindi ka mag-isip-isip nang madalas: Ano! Ang pagkaiba ng mga ito sa ibang bagay na bukod dito? Maaaring sasabihin mo: "Aking pinagtali-tali ito at hinipan!" Sasabihin ko sa iyo: "Bakit hindi mo na lang itakda ito batay sa lihitimong pag-ihip mula sa Aklat (Qur'an) at sa Sunnah sa tamang mga kaparaanan nito. At tapos?! At manatili sa kung ano ang kinagawian ng Propeta (SAW) at ng kanyang mararangal na mga Tagasunod – nawa'y kalugdan sila ng Allah – at nandodoon ang lahat ng kabutihan.

Aking ikinatatakot na iyong masabi: "Ako'y nagsadya sa isang Manggagaway at siya ay nagbuhul-buhol ng sinulid para sa akin! At iyon ay napakalaking kasawiang-palad, – *Sumpa sa Panginoon ng Ka'bah !!*

Katotohanan, ang sinumang nagsadya sa isang Astrolohiya o Manghuhula ay hindi ipapasulat para sa kanya ang (gantimpala ng) *Salah* sa loob ng apatnapung araw, subalit ang sinumang nagpatotoo sa anumang sinasabi nito. Sa katunayan siya ay tumalikod sa anumang ibinaba kay Propeta Muhammad (SAW) – Magpakupkop sa Allah laban sa pagkaligaw pagkatapos mapatnubayan.

Sa katotohanan, ang kaparaanan ng pakikipag-ugnayan sa mga nilalang na nasa iyong kapaligiran ay sadyang napakaliwanag sa relihiyon ng Allah (Islam). Sa katunayan, kapag ang Propeta (SAW) ay nagtamo ng bagong damit (ang ibig sabihin: kapag siya'y nagsusuot ng bagong damit) ay kanyang pinupuri ang Allah dahil sa biyayang ito, at kanyang hinihiling sa Allah ang maaring maidudulot nito na kabutihan at kabutihang maaari niyang

gawin para dito, at siya ay nagpapakupkop sa Allah laban sa kasamaan nito at sa kasamaang maaari niyang magawa para dito, at pagkatapos ng panalangin ito, kailanman ay walang darating sa iyo sa biyayang ito, kundi tanging kabutihan lamang – Sa kapahintulutan ng Allah.

Nasaan ka na aking kapatid! Sa mga **Dhikr** (paggunita) ng pang-umaga't hapon?! Samantalang ito ang siyang totoong mga agimat at kuta na makakapananggalang – Sa kapahintulutan ng Allah?!

Nasaan ka na aking kapatid! Sa mga armadong kawal na ito mula sa mararangal na mga Anghel, na pinasa-ilalim ng Allah sa Kanyang kalooban para sa iyong kapakanan?!

[]

{Sa kanya ay may nagmamatyag na mga Anghel na magkakasunod, sa kanyang unahan at lekuran, kanilang pinangangalagaan siya sa kautusan ng Allah}. Al-Ra'ad (13):11

At sa tuwing binibigyan mo ng pagpapahalaga ang simbulo ng iyong pagka-Muslim ay nagiging higit na dakila ang pagkukupkop (sa iyo).

Katotohanan, habang isinasagawa mo ang **Salah** (pagdarasal) sa madaling araw sa sama-samang pagdarasal (sa Masjid), ikaw ay napapasailalim sa pananagutan, pangangalaga at pagkukupkop ng Allah hanggang sa kinahapunan, Ngayon mangangailangan ka pa ba ng iba pagkatapos ng Allah?!

Katotohanan, habang ikaw ay lumalabas mula sa iyong tahanan, at iyong sinasabi: *"Bismillah, tawakkaltu `alallaah, wala hawla wala quwwata illa Billaah,*

Allahumma inni audhu bika an adhilla aw udhalla aw azilla aw uzalla aw adhlima aw udhlama aw ajhala aw yujhala `alayya"

(Sa pamamangitan ng pangalan ng Allah, aking ipinagkakatiwala sa Allah ang aking pag-asa, walang kapangyarihan at walang lakas kundi sa Allah. O Allah! Katotohanan, ako ay nagpapakupkop sa Iyo laban sa aking pagkaligaw o mailigaw, sa aking pagkasadlak sa kamalian o isadlak sa kamalian, sa aking paggawa ng hindi makatarungan o isadlak sa paggawa nito, at sa aking pagkalingat o magawan ng pagkalingat laban sa akin).

Sasabihin sa iyo: “ Ikaw ay nasapatan, napatnubayan at kinalinga. Kaya’t lilihis at lalayo sa iyo si Satanas, na nagsasabi sa kanyang mga kasamahan: “Paano mapapasa inyo ang isang lalaking nasapatan, napatnubayan at kinalinga?

Samakatuwid, ano pa ang iyong hinahanap aking kapatid pagkatapos nito? Iwan mo ba ang lahat ng ito ... at magkukubli sa isang sapatos, gunalit na damit, sinulid o mga katulad nito?! At ang katiyakan dito, tunay na wala itong maidaragdag sa iyo kailanman, kundi kapahamakan.

Kaya’t makinig sa isang pangyayaring ito: “*Nakita ng Propeta (SAW)ang isang lalaki na nasa braso nito ang isang kawil na tanso, at kanyang sinabi: (Ano ito?). ang sagot ng lalaki: buhat sa Al-Wahinah: (panlaban sa sakit na panghihina dahil sa katandaan). Sinabi ng Propeta (SAW): “Tanggalin mo iyan, dahil wala itong maidaragdag sa iyo kundi mas higit na kahinaan, at kung ikaw ay namatay at nasa iyo ito, hindi mo kailanman*

makamtan ang tagumpay”. Nailathala ni Al-Imam Ahmad, ulat mula kay Imran bin Haseen (R.a.).

Samakatuwid, ikinatatakot ng lalaking ito sa kanyang sarili ang uri ng sakit na ito, kaya't ikinabit ang kuru-kurong agimat na ito. At ipinaliwanag naman sa kanya ng Propeta (SAW) na ito'y hindi magdudulot ng anumang kalunasan, bagkus magdaragdag pa ito sa kanya ng lubhang karamdaman.

Hindi mo ba alam na ikaw ay higit pang magtamo ng labis-labis na pagkatalunan sa iyong mga tinakasan, nang iyong ikabit ang kuru-kurong mga agimat na ito.

At kung tutuusin sapat na, ang iyong pagkasadlak sa matinding poot na napapaloob sa panalangin ng Sugo (SAW), *kanyang sinabi: “Ang sinumang magkabit at umasa sa isang Tamimah (anting-anting), samakatuwid hindi tutuparin sa kanya ng Allah (ang anumang kanyang inaasahan dito). At ang sinumang magkabit at umasa sa isang Wada-ah, (isang bagay na nakukuha sa dagat na parang kabibi), samakatuwid walang kapanatagang ipagkakaloob sa kanya ng Allah, bagkus siya’y ipagkakatiwala Niya rito) Nailathala ni Al-Imam Ahmad, ulat mula kay Uqbah bin Amir (RA).*

Samakatuwid ang panalangin ito mula sa Sugo (SAW) ay sumasaklaw sa mga ito, nang walang hanggang katapusan. Kaya ang sinumang magkabit at umasa sa isang agimat, hindi tutuparin ng Allah ang kanyang inaasahan sa bagay na ito. Kung gayon, ano ang pakinabang ng makasalanang agimat na ito!?

Ito'y isang panalangin sa kanya, na ang pagkabahala, pagkatakot, pagkabalisa at kalungkutan ay mananatili sa kanya, at tuluyang mailayo sa kapanatagan, kaginhawahan at katiwasayan.

Tunay ngang mananatili sa kanya ang sindak at takot habang kanyang ikinakabit ang kuru-kurong mga agimat na ito, – 'Na siyang inaasam-asam ng bawa't tao na ang kaginhawaan sa kabila nito ay matamo' –Kaya't kasawian sa mga ito.

Sa katotohanan, ang nakikipag-ugnayan sa mga agimat na ito ay sadyang pinuputol sa kanyang sarili ang puwang ng pangangalaga at pagkalinga ng Allah. O! napakalaking kabiguan at pagkatalunan, nang mailipat ang pangangalaga ng Allah sa pangangalaga ng isang gulanit na damit, sinulid o sapatos. (Ito'y) pagpapalit sa Kanya na higit na mainam sa kaaba-abang mga bagay na ito!!

Sinabi ng Propeta (SAW): "Ang sinumang magkabit ng anumang bagay at tuluyang umasa rito. Siya ay ipagkakatiwala rito". Inilathala ni Al-Imam Ahmad at Tirmethi

Ito'y karagdagan bukod pa sa pagkasadlak nito sa **Shirk** (pagbibigay katambal sa Allah) – Nawa'y kupkupin tayo ng Allah laban sa mga ito.

Sa ibang sanaysay ay ganito: "*Ang sinumang magkabit ng isang agimat at umasa rito, siya ay nakagawa ng kasalanang pagbigay katambal (sa kaisahan ng Allah)".*

*Isang araw nakita ni Huzaifah sa isang lalaki na may nakataling sinulid sa kanyang braso, bilang pananggalang (daw) sa lagnat. Kaya't tinanggal niya ito at tuluyang binasa ang **sinabi ng Allah:***

[]

{At ang karamihan sa kanila ay hindi naniniwala sa Allah, kundi bagkus sila pa'y nagtatakda ng katambal (sa kaisahan ng Allah)}. Yusuf (12): 106

Ayon sa naiulat ni ibnu Abi Haatim: "Nang siya'y (ang lalaki) binalaan ni Huzaiifah (R.a.), kanyang sinabi: "Kung ikaw ay namatay at nasa iyo ito, hindi ako magsasagawa ng **Salah** (pagdarasal) para sa iyo"

Ang uring ito ng **Shirk** (pagtatambal sa kaisahan ng Allah) ay naibibilang sa malaking **Shirk** : At iyon ay kapag pinaniwalaan ng may-ari nito na ang mga kuru-kurong ito ay ang mismung nakapagdudulot ng kapakinabangan o kapinsalaan, o pumipigil ng anumang parating na kasawiang-palad bago ang kaganapan nito, o pumapawi ng anumang sakuna na maaring maganap bago ang pagsapit nito. Samakatuwid ito'y pagtatambal sa **Al-Ruboobiyah** (kaisahan ng Allah sa Kanyang gawain) !! kung saan ay kanyang pinaniniwalaan na may kasama ang Allah sa paglikha at pangangasiwa.

At (ito rin ay) pagtatambal sa **Al-Uboudiyah** (pagsamba sa Allah): na kung saan siya ay sumamba rito, at iniugnay ang kanyang puso rito, dahil sa labis na paghahangad sa kabutihan na maaaring maipagkakaloob nito at pag-aasam sa anumang kapakinabangan na maaaring maidudulot nito. Subalit kung ang kanyang paniniwala ay ang Allah ang Siyang bukod tanging Nagmamay-ari at Nangangasiwa, Tagapagdulot ng kabutihan at kapinsalaan, ang Pumipigil at Pumapawi, at ang mga ito ay sadyang dahilan lamang, ito ay naibibilang sa maliit na **Shirk** (pagtatambal sa

Allah), subalit ito ay higit na malaki at matindi kaysa mga malalaking kasalanan. Samakatuwid ito'y higit na malaki at masama kaysa pag-inom ng alak, pangangalunya at pagkitil ng buhay !! Magkagayon ang mga ito ay hindi lihitimong mga dahilan, at kahit pa ang mga nakagawiang dahilan, na kung saan ay napatunayan na nakapagdudulot ng pakinabang sa mga tao sa pamamagitan ng karanasan, tulad ng mga gamot halimbawa. Kung gayon, ito'y isang palaro mula kay Satanas sa isipan at pananampalataya ng mga nagmamay-ari nito.

Sapat na rito ang kawalang-malay ng Sugo (SAW) sa sinumang gumagawa ng tanikala na yari sa *Wit'r* (malaking ugat ng isang hayop na pinatuyo, at pagkatapos ay ginawang iba't-ibang uri ng tali, tulad halimbawa ng tali ng busog, gitara atbp.) o ang mga katulad nito mula sa mga kuru-kurong agimat na ito. Batay sa *Hadith* na naiulat ni Al-Imam Ahmad mula kay Ruwaifi'a bin Thabit (RA).

Samakatuwid, ano pa ang inaasam-asam mo pagkatapos nito?!! Kasawiang-palad at kapahamakan sa mga agimat na ito.

Katotohanan, ito ay matinding ipinagbabawal ng Sugo (SAW) at siya ay nagpadala ng sugo sa mga tao, upang ipanawagan ang pagtatanggal sa mga ito mula sa mga Rawaahil (ang tawag sa mga sasakyan sa panahong iyon), nagsasabi: "*Huwag na huwag mag-iwan sa liig ng isang kamelyo ng anumang kuwelyo na yari sa Wat'r (isang sinulid na parang tali ng gitara) maliban kung ito'y naputol*" Inilathala ni Al-Bukhari at Muslim.

Samakatuwid karapat-dapat na ipagsusuway ang uri ng *Shirk* na ito at ipangaral sa mga nasasadlak dito, at tuluyang tanggalin ang maka-*Shirk* na mga anting-anting at kuru-kurong mga agimat na ito sa leeg ng mga kabataan, at sa anumang sasakyan at iba pa.

Sa katotohanan, ang pagkakaugnay ng puso sa iba bukod sa Allah sa paghiling ng anumang maaring kapakinabangan o sa pagtaboy ng anumang kapinsalaan. Walang pag-aalinlangan, ito ang pinakamasamang kinasasadlakan ng tao, sa kadahilanan ang pagkakaugnay ay nagaganap minsan sa pamamagitan ng puso o sa gawa at kung minsan ay nagaganap kapwa sa dalawang ito, at ito ang siyang pinakamapanganib sa mga ito, bagama't walang pagdududa na ang bawat isa rito ay mapanganib.

At kahit na ang mga dahilan na siyang itinakda ng Allah na dahilan, hindi pa rin maaaring ibukod tangi rito ng isang tao ang kanyang pag-asa, bagkus siya ay dapat umasa sa tunay na nagdulot at nagtakda nito (ang Allah), kalakip ang pagtaguyod sa mga isinabatas rito at pagsisikap na matamo ang nakapagdudulot ng kabutihan sa mga ito.

Ang mga itinakdang dahilan – gaano man kadakila at katatag ito – ito'y nakasalalay pa rin sa kapasiyahan ng Allah at sa Kanyang itinakda, walang makakalampas dito (sa itinakda ng Allah), kahit kasing liit ng buhok! O mas maliit pa rito.

At bakit hindi na lang natin hilingin ang pagtaboy sa sakuna, makaraos sa kagipitan, gaanan ang itinakda at na maging mabuti ito, sa tunay na Nagmamay-ari nito (ang Allah)?!

Samakatuwid ang sinumang iugnay ang kanyang sarili sa Allah, at umasa sa Allah sa kanyang mga pangangailangan,

sapat na sa kanya ang Allah sa lahat ng panustus, at pagagaanin sa kanya ang lahat ng mahirap, at ilalapit sa kanya ang lahat ng malayo.

Kasawiang-palad sa sinumang iugnay ang kanyang sarili sa iba bukod sa Allah, sa dahilang isasadlak siya ng Allah sa kadustahan at ipagkakatiwala siya sa isang marupok, mababa, at walang kakayahan....na siya itong inaasahan ng kanyang sarili at pinagkakatiwalaan.

At sinuman ang makapagliligtas sa isang tao mula sa kapahamakan na maaaring maidulot ng maka-**Shirk** na gawaing ito, mapapasa kanya ang dakilang gantimpala, at sino naman ang makikipagtunggali rito – kahit lamang mapawi ang kaanyuang panlabas ng ipinagsusuway na ito – tunay na mapapasakanya ang isang malaking gantimpala.

Aking inaasam-asam na nawa'y ipapasulat para sa kanya ang karangalang binanggit ni **Saeed bin Jubair** – nawa'y kahabagan siya ng Allah – : “*Ang sinumang tumanggal ng isang anting-anting mula sa isang tao. Ito’y katumbas ng isang alipin.*”

Ang ibig sabihin: Para siyang nagpalaya ng isang alipin na pag-aari ng iba.

At ako’y magtatapos, batay sa sinabi ng **Al-Barie** [ang Tagapagbalangkas (Allah)] – Kaluwalhatian sa Kanya at Kataas-taasan:

]

[

{Sabihin (O Muhammad SAW): “O sangkatauhan! Sa katotohanan, dumating na sa inyo ang katotohanan (ang Qur'an at si Propeta Muhammad SAW) mula sa inyong Panginoon. Kaya ang sinumang tumahak sa wastong

landas, ang tanging naaakay niya sa kabutihan ay ang kanyang sarili; at sino naman ang tumahak sa ligaw na landas, ang tanging naililihis niya ay ang kanyang sarili; at ako ay hindi (itinalaga) para sa inyo bilang isang tagapangalaga}. Yunus (10): 108

Ang lahat ng papuri at pasasalamat ay sa Allah lamang, ang Panginoon ng *`Alamin* (mga tao, jinn at lahat ng nilalang). Nawa'y pagpalain ng Allah at pagkalooban ng kapayapaan at biyaya ang Propetang mapagkakatiwalaan (Muhammad ﷺ).